

District scolaire **francophone Sud**
*Apprendre. Grandir. Devenir.*

1-833-533-3664 (TOLL FREE)

# KOMPREHENSIBONG PLANO PARA SA PAGBABALIK SA PAARALAN SA 2020

**Ang komprehesibong plano para sa pagbabalik sa paaralan sa 2020 sa gitna ng pandemyang COVID-19** ay pinaunlad ng Kagawaran ng Edukasyon at Pag-unlad ng Maaga sa Pagkabata (Department of Education and Early Childhood Development) sa pakikipagtulungan ng Pampublikong Kalusugan (Public Health).
Ang layunin ng planong ito ay para maglaan sa mga paaralan at pamilya ng patnubay sa pagbabalik sa paaralan. **Ang tunguhin ay para limitahan ang posibleng pagkalat ng COVID-19, habang tinitiyak na nakukuha ang de-kalidad na edukasyon at mga serbisyo sa mag-aaral.** May inilathalang isang gabay para sa mga magulang at sa publiko, at bawat paaralan ay may operasyonal na plano.

## SINO ANG KAILANGANG BUMALIK SA PAARALAN?

**Magsisimula ang buong panahong pag-aaral para sa lahat ng mag-aaral kapag nagbalik na sila sa paaralan sa 2020.** Mag-aaral sa paaralan ang mga mag-aaral mula kindergarten hanggang Baitang 8, habang ang mga nasa mataas na paaralan ay mag-aaral sa paaralan at sa tahanan. Magkakaiba ang oras ng klase ayon sa baitang at paaralan.

**Ang layunin ng pag-aaral na nakatakda sa kurikula ay obligadong sundin sa 2020-2021 taon ng paaralan.** Susuporta at tatayahin ng mga kawaning nagtuturo ang mga mag-aaral sa kanilang natatamo sa mga resulta ng pag-aaral.

## KUNG ANG AKING ANAK AY NANGANGANIB DAHIL SA MEDIKAL NA KONDISYON

- **Magpakonsulta sa iyong doktor** at alamin kung dapat ba o hindi dapat pumasok ang iyong anak sa paaralan.

- **Kung ang iyong anak ay hindi makakapasok sa paaralan dahil sa pisikal o mental na isyung pangkalusugan,** bubuo ngplano sa pag-aaral para sa iyong anak ang kanyang guro at ang isang espesyalista sa suportang pang-edukasyon.

## BAGO PAPUNTAHIN SA PAARALAN ANG AKING ANAK

- Kunin ang temperatura ng iyong anak bago umalis patungong paaralan.
- Kung may mga sintomas ng COVID-19 ang iyong anak, dapat mong panatilihin **ang iyong anak sa tahanan at tumawag sa 811.**
- **Kung malusog ang iyong anak ay walang mga sintomas,** maaari mong papasukin ang iyong anak sa paaralan.
- **Tiyaking ang iyong anak ay may malinis na pantakip sa ilong at bibig na dadalhin sa paaralan.**
- Ang isang bata na masama ang pakiramdam o isang tao na may mga sintomas ng COVID-19 **ay maaaring hindi babalik sa paaralan hanggang sa siya ay ganap na magaling na.** Ipapaalam sa iyo ng Public Health kung kailan tapos na ang yugto ng pagbubukod.


**Ang isang bata o indibidwal na may pana-panahong mga alerdyi o may nararanasang nagtatagal na baradong ilong o sinisipon ay pinapayagang bumalik sa paaralan.**



District scolaire **francophone Sud**
*Apprendre. Grandir. Devenir.*

1-833-533-3664 (TOLL FREE)




## PAANO ILALAAN ANG TRANSPORTASYON NG PAARALAN KAPAG NAGSIMULA NA ANG PASUKAN SA PAARALAN

Malamang na magkaroon ng mga pagbabago **sa mga ruta at iskedyul sa transportasyon** ng paaralan para mabigyang-daan ang pagdistansya sa katabi at para maiwasan ang pag-iipon-ipon ng mga mag-aaral sa iisang lugar at iisang pagkakataon.

**M>5** **Isa o dalawang mag-aaral mula sa isang pamilya** kada isang upuan para masunod ang pagdistansya sa katabi kapag hindi isinusuot ang pantakip sa ilong at bibig.

**6>12** **Isa o dalawang mag-aaral mula sa isang pamilya** kada isang upuan na may suot na pantakip sa ilong at bibig kapag sumasakay at bumababa sila sa bus. Maaring tanggalin ng mga mag-aaral ang kanilang pantakip sa ilong at bibig kapag wala silang katabi o kapag katabi nila ang miyembro ng kanilang pamilya.



Kapag hindi posible ang pagdistansya sa katabi, **dapat magsuot ang mga mag-aaral ng pantakip sa ilong at bibig.**

**Ibabagay ang mga serbisyong transportasyon sa paaralan para matiyak na nasusunod ang hakbanging ito.**




## SINO ANG PUWEDENG MAKAPASOK SA PAARALAN?

- **Mga mag-aaral at empleyado ng paaralan** gaya ng tinukoy sa *Education Act* (mga bumibisitang guro, empleyado ng distrito, boluntaryo, at iba pang taong nagbibigay ng serbisyo).
- Ang mga bumibisitang guro at empleyado ng paaralan na nagtatrabaho sa mahigit sa isang paaralan **ay kailangang sumunod sa mga karagdagang panuntunan.** Susubukang bawasan ng distrito ng paaralan ang bilang ng mga paaralang binibisita ng mga gayong empleyado.
- **Sinuman na awtorisado ng prinsipal** (trabahong pagkukumpuni, mga emerhensya, mga social worker, atbp).
- **Mga partikular na tagapagsiyasat,** tulad ng mga kinatawan ng WorkSafeNB at Public Health, **ay maaaring magsagawa ng mga pagsusuring kinakailangan.**
- **Suspendido ang paggamit ng komunidad sa mga paaralan hanggang sa higit pang abiso.**
- **Gaganapin sa paraang virtual ang mga panggrupong pagpupulong at iba pang malalaking okasyon sa paaralan.**


## MAAARI KO BANG DALAWIN SA PAARALAN ANG AKING ANAK?

- **Lilimitahan at hindi pinasisigla ang** biglaang pagdaan o hindi nakaplanong pagdalaw ng mga magulang.
- **Pakikipag-ugnayang virtual o telepono ang magiging pangunahing mga paraan ng komunikasyon.** Kung kinakailangan ang aktuwal na harapang pagpupulong, dapat itong sumunod sa mga pangkalusugan at pangkaligtasang tagubilin. **Maaring kailanganin sa operasyonal na plano ng paaralan ang mga pantakip sa ilong at bibig.**



District scolaire **francophone Sud**
*Apprendre. Grandir. Devenir.*

1-833-533-3664 (SANS FRAIS)




## PAANO GAGANAPIN ANG PAG-AARAL SA PANAHON NG PANDEMYA?

Ang binuong mga layunin ng pag-aaral ay kinakailangang sundin para sa 2020-2021 taon ng paaralan. Titiyakin ng kurikulum na matatamo ang mahahalagang resulta.

**Lahat ng available na espasyong magagamit sa pag-aaral at sa buhay-paaralan** ay gagamitin para suportahan ang pag-aaral (mga espasyo sa labas ng silid-aralan, mga espasyo sa komunidad, mga espasyo sa tahanan. Atbp).

- **Posibleng pagsamahin ang mga klase o grupo ng mga mag-aaral mula sa ibang baitang.**
- **Babaguhin ang pagkakaayos ng mga karaniwang espasyo** para tiyaking magagawa ang pagdistansya sa katabi sa gitna ng mga grupo ng mga mag-aaral pero ganun din sa pagitan ng mga mag-aaral at mga adulto.
- **Binago ang mga iskedyul para mabawasan ang pagsikip sa loob at labas ng mga paaralan at** para matiyak ang pagsunod sa mga tinatawag na mga (student bubble) o pagdistansya sa katabi (recess, tanghalian, pagsunod at paghatid ng mag-aaral, at iba pang pagbabyahe).



**Lilinisin at isa-sanitize ng mga kawani ng paaralan ang mga kagamitang pinaghihiraman ng mga mag-aaral** (mga computer, elektronikong device, kagamitang pang-isport, instrumentong pangmusika, atbp.) **pagkatapos ng bawat paggamit.**

- **Kung hindi posibleng linisin at i-sanitize ang kagamitan, dapat itong gamitin ng isang mag-aaral lamang o huwag na itong gamitin.**

## PAANO GAGANAPIN ANG MGA AKTIBIDAD?

- Ang mga aktibidad na pang-indibidwal o may mas malaking espasyo sa pagitan ng mga mag-aaral at kawani ng paaralan para magawa ang pagdistansya sa katabi.
- **Kindergarten hanggang Baitang 8:** Mga mag-aaral na hinati sa mga grupo ng klase (mga bubble). Hindi kailangan ang pagdistansya sa katabi sa loob ng mga bubble.
- **Mataas na paaralan:** Dapat magpanatili ang mga mag-aaral ng distansya sa katabi ng 1 metro sa loob ng silid-aralan, 2 metro sa labas ng silid-aralan o 1 metro na may suot na pantakip sa ilong ata bibig.
- **Nagtatrabaho ang mga pangkat na pang-edukasyon sa mga distrito ng paaralan at Department para tukuyin ang pag-aaral na gagawing prayoridad kung lilipat mula sa isang baytang patungo sa isang baytang kung saan makakaapekto sa maayos na daloy ng pag-aaral o sa paghahatid ng mga serbisyong pang-edukasyon.**

  **Kinakailangang gawin ang pag-aaral, at tatayahin ang pagsulong ng mag-aaral.**

**Gagamit ng iba't ibang digital platform ang mga mag-aaral** *na nasa Baitang 9 hanggang 12* **para sa kanilang pagtutulungang gawain at sa kanilang pag-aaral, sa paaralan at sa tahanan,** *kapag nagbalik na sila sa paaralan sa 2020.*

***Ang itinatag na programang BYOD (Bring Your Own Device)*** ng Department of Education and Early Childhood Development (EECD) ay magpapasigla sa kanila na ***magdala ng kanilang sariling mga teknolohiyang tool sa paaralan.***


*Puwedeng magsumite ang mga kuwalipikadong pamilya* ***ng aplikasyon sa pamamagitan ng online portal para sa mga magulang. Direktang magpapadala sa mga pamilya ng higit pang impormasyon t***ungkol sa BYOD program, ***na maaari ring tumawag sa*** **1-833-533-3664 (TOLL FREE).**

PROGRAMANG BYOD



District scolaire **francophone Sud**
*Apprendre. Grandir. Devenir.*

1-833-533-3664 (TOLL FREE)




## KALINISAN SA KATAWAN SA PAARALAN?

Gumamit ng mga sanitizer na aprubado sa Canada.

**Pagsasanay sa mga kawani kung paano gagamitin ang gayong mga produkto.**

Paglilinis at pagsa-sanitize ng mga bagay na madalas nahahawakan (mga bukasan ng pinto, barandilya, materyal na pang-edukasyon, atbp.) nang hindi bababa sa dalawang beses sa isang araw at kapag hindi ito nalinis.

Dapat banlawan ang mga bagay na isinusubo ng mga mag-aaral sa kanilang bibig gamit ang na **tubig pagkatapos itong malinis at ma-sanitize.**

**Magkakaroon ng isa o higit pang mga istasyon para sa pagsa-sanitize ng kamay sa bawat lugar na karaniwang ginagamit depende sa laki ng espasyo.**

## KAILAN DAPAT MAHUGASAN ANG MGA KAMAY?

Para pigilan ang pagkalat ng virus, dapat madalas na hugasan ng mga empleyado ng paaralan at mga mag-aaral ang kanilang mga kamay gamit ang sabon at tubig.

**Dapat hugasan ng mga kawani ng paaralan ang kanilang mga kamay sa mga sumusunod na sitwasyon:**

- bago at pagkatapos humawak ng pagkain
- pagkatapos tulungan ang isang bata sa paggamit ng silid-hugasan
- pagkatapos ng pahinga
- bago at pagkatapos magbigay ng mga gamot.

## PAGGAWI SA PAARALAN

- Iwasan ang **malapitang pagbabatian** (hal., pagyakap at pagkamay).
- **Kailangang i-sanitize** ng mga mag-aaral na nasa Baitang 6 hanggang 12 ang **kanilang mga mesa at upuan pagkatapos ng bawat klase.**
- Lilimitahan ang bilang ng mga mag-aaral na magsasabay sa pagpunta sa silid-hugasan.
- **Dapat magpanatili ng agwat ang mga kawani ng paaralan ng dalawang (2) metro sa gitna nila.**
- Dapat magpanatili ng agwat na dalawang (2) metro ang mga grupo ng mga mag-aaral mula sa ibang mga grupo (mga bubble). Sa labas ng mga bubble, dapat magpanatili ang mga mag-aaral ng pisikal na distansyang dalawang (2) metro o isang (1) metro kung may suot na pantakip sa ilong at bibig..
- Dapat tiyakin ng kawani ng paaralan na nahuhugasan ng mga mag-aaral ang kanilang mga kamay bago at pagkatapos ng recess.
- Hindi gagamitin ang mga water fountain (inuman). Kapag gagamit ng mga istasyon na kuhanan ng tubig, **tiyaking ang iyong bote ng tubig ay hindi mapapadikit sa gripo.**
- Iwasang hawakan ang iyong mukha, mga mata, ilong at bibig.
- Umubo o bumahin sa iyong manggas o takpan ang iyong bibig at ilong gamit ang disposable na tisyu.
  **Itapon kaagad ang gamit nang tisyu, at hugasan o i-sanitize ang iyong mga kamay.**
- **Dapat hugasan ng mga mag-aaral at kawani ng paaralan ang kanilang mga kamay kapag nasa mga sumusunod na kalagayan:**
  - kapag dumarating sila sa mga looban (puwede na ang pag-sanitize)
  - bago at pagkatapos kumain
  - pagkatapos gumamit ng silid-hugasan
  - pagkatapos nilang suminga o umubo o bumahin
  - pagkatapos maghiraman ng mga laruan, ng mga karaniwang bagay, o mga materyal sa pag-aaral
  - bago at pagkatapos uminom ng gamot
  - pagkatapos ng paglalaro sa labas ng silid-aralan.



District scolaire francophone Sud
Apprendre. Grandir. Devenir.

1-833-533-3664 (TOLL FREE)



## PAANO WASTONG HUHUGASAN ANG IYONG MGA KAMAY GAMIT ANG SABON AT TUBIG



*Basain ang mga kamay*



*Gumamit ng likidong sabon o malinis na bareta ng sabon*



*Pagkuskusin nang husto ang mga kamay*



*Tiyaking mahuhugasan nang mabuti ang mga balat*




*Bigyang-pansin ang mga bahaging palibot ng mga kuko at sa pagitan ng mga daliri*



*Patuloy na pagkuskusin ang mga kamay nang hindi bababa sa dalawampung segundo*



*Wastong banlawan at patuyuin ang mga kamay.*



*Kung posible, gumamit ng papel na pampunas sa pagsara ng gripo. Gumamit ng papel na pampunas para buksan ang pinto at pagkapos itapon ito.*

**Kung walang sabon at tubig at walang nakikitang dumi sa mga kamay,** Gumamit ng alcohol-based na pang-sanitize ng kamay na awtorisado ng Health Canada. **Dapat subabayan ang mga mas batang mag-aaral kapag gumagamit ng mga pang-sanitize ng kamay.**



*Maglagay ng pang-sanitize ng kamay*



*Ikuskos sa mga likod at palad ng mga kamay at sa pagitan ng mga daliri, sa palibot ng mga kuko, at sa mga pulsuhan*



*Pagkuskusin nang husto ang mga kamay*



*Ituloy ang pagkuskos hangga't marumi pa ang mga kamay*

## PAGSUSUOT NG PANTAKIP SA ILONG AT BIBIG

- **Uutusan na magsuot ng pantakip sa ilong at bibig sa labas ng silid-aralan ang mga mag-aaral** na nasa Baitang 6 hanggang 12. Inirerekumenda ang paggamit ng mga pantakip sa ilong at bibig sa labas ng silid-aralan para sa mga mag-aaral na nasa kindergarten hanggang Baitang 5. **Hindi kailangan ang pagsusuot ng pantakip sa ilong at bibig sa silid-aralan.**
- Inirerekumenda ang pagsusuot ng malinis na pantakip sa ilong at bibig. Dapat ibagay sa gawain ang pagsusuot ng pantakip sa ilong at bibig, at dapat gamitin ang mga pantakip sa ilong at bibig nang tama at itapon o labahan nang tama. **Hindi ito dapat gamitin nang matagal.**
- **Makakabawas sa pagkalat ng virus ang mga indibidwal na nagsusuot ng hindi pangmedikal na pantakip sa bibig at ilong o pantakip sa mukha kung gagamitin ito nang tama.**
- Ang pagsusuot ng pantakip sa ilong at bibig lamang ay hindi nakakapigil sa pagkalat ng COVID-19. **Dapat mong sundin ang mga pag-iingat sa kalinisan sa katawan at magpanatili ng pagdistansya sa katabi sa lahat ng panahon.**